Hackensack
Meridian *Health*
Mountainside
Medical Center

Financial Assistance Policy [Polisiya ukol sa Pinansiyal na Tulong] at Financial Assistance Policy (Charity Care/Kid Care/Medicaid) – Buod sa Madaling Maunawaang Wika

Ang HackensackUMC Mountainside Financial Assistance Policy [Polisiya ukol sa Pinansiyal na Tulong ng HackensackUMC Mountainside] at Financial Assistance Policy (Charity Care/Kid Care/Medicaid) (magkasamang tatawagin ditong "FAP") ay naririto upang bigyan ang mga kwalipikadong pasyente ng kaunting diskwento o buong diniskwentong emergency care o iba pang medikal na kinakailangang serbisyo sa healthcare na ibinibigay ng HacksackUMC Mountainside. Ang mga pasyenteng humihingi ng Pinansiyal na Tulong ay dapat mag-apply para sa programa na siyang nakabuod dito.

Mga Serbisyong Kwalipikado- Emergency care o iba pang medikal na kinakailangang serbisyo sa healthcare na ibinibigay ng HackensackUMC Mountainside at sinisingil ng HackensackUMC Mountainside. Ang FAP ay umaaplay lamang sa mga serbisyong siningil ng HackensackUMC Mountainside. Ang ibang mga serbisyo na hiwalay na siningil ng ibang providers, tulad ng mga doktor o mga laboratoryo, ay hindi kwalipikado sa ilalim ng FAP.

Mga Pasyenteng Kwalipikado- Ang mga pasyenteng binibigyan ng mga kwalipikadong serbisyo at nagsumite ng kompletong Aplikasyon para sa Pinansiyal na Tulong (kabilang ang may kinalamang dokumentasyon/ impormasyon), at na natiyak ng HackensackUMC Mountainside bilang kwalipikado para sa Pinansiyal na Tulong.

Paano ako mag-aaplay?- ang FAP at ang may kinalamang Pormularyo ng Aplikasyon ay makukuha/ makokompleto/masusumite gamit ang sumusunod:

Tingnan ang impormasyon sa Website ng Medical Center: Maaaring makita ng isang indibidwal online ang impormasyon tungkol sa pinansiyal na tulong sa sumusunod na website:
http://www.mountainsidehosp.com/

Aplikasyon- Ang isang indibidwal ay maaaring mag-apply para sa pinansiyal na tulong kapag pinunan niya ang papel na kopya ng aplikasyon. Ang papel na aplikasyon ay makukuha nang libre gamit ang alinman sa mga sumusunod na paraan:

Sa Mail: Kapag sumulat sa sumusunod na address at humingi ng papel na kopya ng aplikasyon para sa pinansiyal na tulong:
1 Bay Avenue
Montclair, NJ 07042

Nang Personal: Personal na puntahan ang Financial Assistance Department (Lunes hanggang Biyernes, 9:00 AM-5:00 PM), sa sumusunod na address:
1 Bay Avenue
Montclair, NJ 07042

Telepono: Ang Financial Assistance Department ay matatawagan sa (973) 429-6000, Ext. 5910.

Mga Makukuhang Wika- Ang Financial Assistance Policy, ang aplikasyon, at ang buod na isinulat sa madaling maunawaang wika ay makukuha sa pangunahing wika ng anumang populasyon na hindi gaano nakakaunawa ng Ingles ("LEP"); ito'y mas kaunti sa limang (5%) porsiyento o 1,000 indibidwal sa loob ng pangunahing lugar ng serbisyo na sinisilbihan ng Medical Center.

Ang mga kinompletong aplikasyon ay maaaring ipadala sa Financial Assistance Department sa 1 Bay Avenue Montclair, NJ 07042.

Pagtiyak kung Kwalipikado Para sa Pinansiyal na Tulong- Sa pangkalahatan, ang mga Taong Kwalipikado ay kwalipikado para sa Pinansiyal na Tulong, gamit ang isang sliding scale, kapag ang Kita ng kanilang Pamilya ay nasa 500% o mas mababa sa 500% ng Federal Poverty Guidelines (FPG) ng Pederal na Pamahalaan. Ang Pagiging Kwalipikado para sa Pinansiyal na Tulong ay nangangahulugang ang pangangalaga para sa mga Taong Kwalipikado ay buong masasakop o bahaging masasakop, at hindi sila sisingilin nang higit pa sa "Amounts Generally Billed" (AGB) (Mga Halagang Karaniwang Sinisingil) sa mga taong may insurance, (AGB, alinsunod sa ipinahayag sa IRC Section 501(r) ng Internal Revenue Service). Ang mga level ng Pinansiyal na Tulong, batay lamang sa Kita ng Pamilya at FPG, ay tinitiyak kung ang kita ay hanggang 500% ng FPG.

Paunawa- Isinasaalang-alang din ang ibang mga pamantayan maliban sa FPG (halimbawa, kung may cash o ibang assets na maaaring gawing cash, at sobrang buwanang net income kapag isinaalang-alang ang mga buwanang gastos sa sambahayan), na maaaring magresulta sa mga eksepsiyon sa nauna. Kung walang inireport na Kita ng Pamilya, kailangang magbigay ng impormasyon tungkol sa kung paano nababayaran ang mga pang-araw-araw na gastos. Rerebyuhin ng Financial Assistance Department ng HackensackUMC Mountainside ang mga kompletong aplikasyon, at titiyakin nito ang Pagiging Kwalipikado Para sa Pinansiyal na Tulong alinsunod sa Financial Assistance Policy ng HackensackUMC Mountainside. Ang mga 'di-kompletong aplikasyon ay hindi isasaalang-alang, pero sasabihan ang mga aplikante at bibigyan sila ng pagkakataong ibigay ang nagkukulang na dokumento/impormasyon.

Para humingi ng tulong o magtanong, mangyaring bisitahin nang personal o tawagan ang Financial Assistance Department (Lunes hanggang Biyernes, 9:00 AM-5:00 PM); ito'y matatagpuan sa: 1 Bay Avenue, Montclair, NJ 07042, o kaya'y tumawag sa (973) 429-6000, Ext 5910.